



Matatagpuan natin sa aklat ni Ruth ang isang matandang tradisyon na binuo sa anyo ng isang kahali-halinang nobela. Layunin nitong itaguyod ang pagiging bukas ng isang bansa sa iba.

Ayon sa *isang matandang tradisyon*, may isang banyagang babaeng kabilang sa mga ninuno ni David – si Ruth, na babaeng Moabita.

*Isang kahali-halinang nobela*. Makikita natin sa simpleng buhay ng mga magbubukid ang isang kulturang dalisay, isang pagkataong katangi-tangi, at isang kadakilaang di-kinukusa. Iniingatan ng mga pahinang ito para sa atin ang buhay-buhay sa loob ng mga dantaon ng mga Palestinong magbubukid na mga ninuno ni Kristo.

Binibigyang-buhay ng *diwa ng pagkabukas ng isang bansa sa iba* ang kuwentong ito na sinulat mga ikapat na dantaon bago kay Kristo. Hindi pa natatagalan nang obligahin ni Esdras ang mga Judio na palayasin ang kanilang mga dayuhang maybahay na maaaring makaakit sa kanila sa mga relihiyon ng mga pagano. (Si Esdras ang muling bumuo sa pamayanan ng mga Judio.) Nagbunga ito ng labis at saradong nasyonalismo. Subalit sa pagkakataong ito, isang banyagang babae ang bida ng kuwento. Tinatanggap ni Ruth ang tunay na Diyos ng Israel at tinatanggap naman siya sa komunidad ng bayan ng Diyos.

### **Diyos mo ang magiging Diyos ko**

**1** <sup>1</sup> Nagkaroon ng matinding tagutom sa lupain sa panahon ng pamumuno ng mga Hukom, at isang lalaking taga-Betlehem ng Juda ang umalis kasama ng kanyang asawa at dalawang anak na lalaki upang mandayuhan sa Moab. <sup>2</sup> Elimelek ang pangalan ng lalaki, si Noemi ang kanyang asawa at sina Mahalon at Kelyon ang dalawa nilang anak na lalaki. Sila'y mga Efrateong taga-Betlehem ng Juda. Nagpunta sila sa Moab at doon tumira. <sup>3</sup> Hindi nagtagal at namatay si Elimelek. Naiwan niya kay Noemi ang dalawa nitong anak na lalaki, <sup>4</sup> na kapwa nakapag-asawa ng mga Moabita, ang isa'y

nangngalang Orfa at ang isa nama'y Ruth.

Pagkaraan ng sampung taong panirahan sa Moab, <sup>5</sup> namatay rin sina Mahalon at Kelyon, at naiwan si Noeming ulila sa asawa at dalawang anak.

<sup>6</sup> Kayat nang mabalitaang tinulungan ni Yawe ang kanyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng pagkain, ipinasya ni Noemi na umuwi na. <sup>7</sup> Kasama ng dalawa niyang manugang, naglakbay siyang pabalik sa Juda.

<sup>8</sup> At sinabi ni Noemi sa kanyang mga manugang: “Umuwi na kayong dalawa sa bahay ng inyu-inyong ina. At maging mabuti nawa sa inyo si Yawe, gaya ng

pagiging mabuti ninyo sa inyong asawang namatay at sa akin. <sup>9</sup>Bigyan din nawa niya kayo ng kapanatagan sa tahanan ng ibang magiging asawa ninyo.” Hinagkan ni Noemi ang dalawa, at sila’y umiyak nang malakas <sup>10</sup>at nagsabing: “Hindi! Sasama kami sa iyo, pauwi sa inyong bayan.”

<sup>11</sup>Iginiiit ni Noemi: “Sige na umuwi na kayo, mga anak. Bakit pa kayo sasama sa akin? Hindi na ako magkakaanak pa para maging asawa ninyo. <sup>12</sup>Sige na, umuwi na kayo, mga anak. Napakatanda ko na para mag-asawa pang muli. Kahit na may pag-asa man akong magkaasawa ngayong gabi at magkakaanak ng mga lalaki, <sup>13</sup>makapaghihintay ba kayo hanggang lumaki sila? Hindi, mga anak. Ayokong ibahagi kayo sa mapait na kapalaran kong ito. Iniuat ni Yawe ang kanyang kamay laban sa akin!”

<sup>14</sup>Muli silang umiyak. At hinagkan ni Orfa ang kanyang biyenan bilang pama-maalam. Ngunit kumapit sa kanya si Ruth. <sup>15</sup>Sinabi rito ni Noemi: “Pabalik na ang inyong hipag sa kanyang bayan at sa kanyang mga diyos. Sumabay ka na sa kanya, pauwi sa inyo.” <sup>16</sup>Sumagot si Ruth: “Huwag mong ipilit na iwan kita o layuan. Pupunta ako saan ka man pumunta at titigil ako saan ka man titigil. Ang bayan mo ang magiging bayan ko at ang Diyos mo ang magiging Diyos ko. <sup>17</sup>Kung saan ka mamatay, doon ako mamamatay at doon ililibing. Parusahan nawa ako ni Yawe kung may iba pang bagay liban sa kamatayan na maghiwalay sa atin.”

<sup>18</sup>Hindi na pinilit pa ni Noemi si Ruth nang maunawaan niyang matatag ang pasya nitong sumama sa kanya. <sup>19</sup>Nag-patuloy ang dalawang babae hanggang makarating sila sa Betlehem. Pinagka-guluhan sila ng buong bayan pagdating nila sa Betlehem. “Ito nga ba si Noemi?” tanungan ng mga babae. <sup>20</sup>Sumagot si Noemi: “Huwag ninyo ’kong tawaging Noemi. Tawagin ninyo akong Mara pag-kat pinuspos ako ng kapaitan ng Kataas-

taan. <sup>21</sup>Sagana akong umalis ngunit pinabalik ni Yawe na walang dala. Para saan pa ang pagka-Noemi ko, gayong laban sa akin si Yawe at kasawimpalad ang hatid sa akin”

<sup>22</sup>Kaya umuwi si Noemi buhat sa Moab, kasama si Ruth na Moabita na kanyang manugang. At husto namang simula ng pag-aani ng sebada nang dumating sila sa Betlehem.

### Namumulot si Ruth sa bukid ni Boaz

**2** <sup>1</sup>Si Noemi ay may mayamang kamag-anak sa angkan ng kanyang asawang si Elimelek – ito si Boaz. <sup>2</sup>At sinabi ni Ruth na Moabita kay Noemi: “Payagan mo akong mamulot ng uhay na maiiwan ng sinumang magmamagan-dang-loob sa akin.” Sinabi ni Noemi: “Sige, anak.” <sup>3</sup>Kaya nagpunta si Ruth sa bukid at namulot ng uhay sa dinaanan na ng mga gumagapas. Nagkataon namang kay Boaz na kamag-anak ni Elimelek pala ang bukid na napuntahan niya.

<sup>4</sup>Tamang-tama namang dumating si Boaz galing Betlehem, at binati niya ang mga manggagapas: “Sumainyo si Yawe.” Sumagot naman ang mga iyon: “Pagpa-lain ka ni Yawe.” <sup>5</sup>At tinanong ni Boaz ang kapatat ng mga manggagapas: “Sino ang babaeng iyon?” <sup>6</sup>Sumagot ang kapatat: “Siya ang Moabita na umurong kasama ni Noemi galing Moab. <sup>7</sup>Nagsabi siya kung puwede siyang mamulot at manguha ng mga uhay na naiiwan ng mga manggagapas. Mula kaninang umaga pa nga siyang walang tigil na nagtatrabaho.”

<sup>8</sup>Kayat sinabi ni Boaz kay Ruth: “Makinig ka, anak. Huwag kang aalis dito para mamulot pa sa ibang bukid. Dumito kang kasama ng aking mga utusan ng babae. <sup>9</sup>Tingnan mo kung nasaan ang mga gumagapas at sundan mo sila. Sinabihan ko ang mga lalaki na huwag kang pakialaman. Pinuno nila ng tubig ang mga banga, pumunta ka roon at uminom pag nauhaw ka.”

<sup>10</sup>Yumuko si Ruth na sayad sa lupa ang mukha, at sinabi: “Anong kabutihan ang nakita mo sa akin na isang dayuhan para pagmagandang-loob mo?” <sup>11</sup>Sumagot si Boaz: “Nabalitaan ko na ang tungkol sa lahat mong ginawa sa iyong biyenang mula nang mamatay ang iyong asawa, kung paano mo niwan ang iyong ama at ina at lupang tinubuan para manirahan sa isang bayang di mo pa nakikilala. <sup>12</sup>Gantimpalaan ka nawa ni Yawe sa lahat mong ginawa! Tanggapin mo nawa ang hustong gantimpala mula kay Yaweng Diyos ng Israel na pinuntahan mo para manganlong sa lilim ng kanyang mga pakpak!”

<sup>13</sup>Sinabi ni Ruth: “Maging karapat-dapat sana ako sa iyong kabutihan, aking panginoon. Inaliw mo ako sa maganda mong pananalita, gayong hindi ako kabilang sa iyong mga utusang babae.”

<sup>14</sup>Tinawag siya ni Boaz sa pananghalian: “Halika, kumuha ka ng tinapay at isawsaw sa maasim na alak.” Nang nakapupo na siya kasalo ng mga manggagapas, inalok siya ni Boaz ng sinangang trigo. Kumain siya hanggang mabusog at may natira pa. <sup>15</sup>Nang tumindig si Ruth para magpatuloy ng pamumulot, inutusan ni Boaz ang kanyang mga tauhan: “Bayaan ninyo siyang mamulot kahit sa mga bigkis at huwag ninyo siyang pagsasabihan. <sup>16</sup>Kumuha pa kayo ng mga uhay sa mga buntun at ikalat para pulutin niya, pero huwag ninyo siyang pagsasabihan.”

<sup>17</sup>Maghapong namulot si Ruth sa bukid, at pagkagii niya sa kanyang napamulot, nakakuha siya nang may isang efa ng sebada. <sup>18</sup>Iniuwi niya iyon sa kabayanan at ipinakita sa kanyang biyenang

ang kanyang napamulot. Ibinigay rin niya rito ang natira sa kanyang pananghalian.

<sup>19</sup>Tinanong siya ng kanyang biyenang: “Saan ka namulot ngayon? Saan ka nagtrabaho? Pagpalain nawa ang taong nagmagandang-loob sa iyo.” Sinabi ni Ruth sa biyenang ang tungkol sa may-ari ng kanyang pinagtrabahan: “Boaz ang kanyang pangalan.” <sup>20</sup>At sinabi ni Noemi: “Pagpalain siya ni Yawe na laging may magandang kalooban sa mga buhay at mga patay. Malapit nating kamag-anak ang taong iyon, isa siya sa mga may panagutang tumubos sa atin.”

<sup>21</sup>Nagpatuloy ang Moabitang si Ruth: “Sinabi pa niya sa aking sumama sa kanyang mga trabahador hanggang matapos sila ng pag-aani.” <sup>22</sup>Sinabi naman ni Noemi: “Mabuti nga para sa iyo, anak ko, na sumama sa kanyang mga utusang babae dahil baka kung ano pa ang mangyari sa iyo sa bukid ng iba.”

<sup>23</sup>Kaya nga namalagi si Ruth na kasama ng mga babaeng utusan ni Boaz para mamulot hanggang matapos ang pag-aani ng trigo at sebada. At namuhay siyang kasama ng kanyang biyenang.

### Nahiga si Ruth sa paanan ni Boaz

**3** <sup>1</sup>Isang araw, sinabi ni Noemi sa kanyang manugang: “Anak ko, di ba’t tungkulin kong ihanap ka ng tahanan kung saan ka lubos na mapapabuti? <sup>2</sup>At di ba’t kamag-anak natin si Boaz, na ang mga utusang babae ay sinamahan mo? Mamayang gabi’y magpapatahip siya ng sebada sa giikan. <sup>3</sup>Kaya maligo ka’t magpabango, isuot mo ang pinakamaganda mong damit at magpunta ka sa giikan. Pero huwag ka munang magpapakilala sa

• **3.1** Bakit gustong mapangasawa ni Ruth si Boaz? Para tupdin ang kaugaliang tinatawag na “Levirato”, na binabanggit sa kabanata 38 ng Genesis.

Kapag namatay ang isang lalaki na walang naiwang anak, tungkuling sagrado ng biyuda na pakasalan ang pinakamaalapat na kamag-anak ng kanyang yumaong asawa. Ang pinakapanganay na anak na lalaki ng biyuda sa pagkakataong ito ang magdadala sa pangalan ng namatay at ituturing na anak nito.

Ipinaliliwanag nito ang sakripisyo ni Ruth. Tinalikdan niya ang pagpapakasal sa isang kabataan at tinanggap na maging asawa ng isang may edad na, sapagkat ang lalaking ito ay si Boaz na makapagbigay sa kanya ng anak na lalaki “para” sa yumaong niyang asawa. Kayat tinutupad ni Ruth ang mahiwagang plano ng Diyos na nagtalaga sa kanyang maging ninuno ni Kristo (tingnan ang Mateo 1:5).

kanya hangga't hindi siya natatapos kumain at uminom. <sup>4</sup>Tandaan mo kung saan siya mahihiga. Lumapit ka't alisan ng kumot ang kanyang mga paa at mahiga ka roon. Sasabihin niya sa iyo ang gagawin mo."

<sup>5</sup>Sumagot si Ruth: "Gagawin kong lahat ang sinabi mo."

<sup>6</sup>Nagpunta nga siya sa giikan at ginawa ang lahat ng sinabi ng kanyang biyenan. <sup>7</sup>Pagkakain at pagkainom ay nasisiyahang nahiga si Boaz sa tabi ng bunton ng sebada. Dahan-dahang lumapit si Ruth, inalisan ng kumot ang kanyang mga paa at nahiga.

<sup>8</sup>Kinahatinggabihan, nagising ang lalaki at nagulat sa pagkakitang may babae sa kanyang paanan. <sup>9</sup>"Sino ka?" tanong niya. At sumagot ito: "Ako si Ruth na iyong lingkod. Ilukob mo sa akin ang dulo ng iyong balabal, pagkat isa kang kamag-anak na may karapatang tumubos sa akin." <sup>10</sup>Sinabi ni Boaz: "Pagpalain ka ni Yawe, anak ko! Ang kagandahang-loob mong ito ay higit pa kaysa ipinakita mo noong una, pagkat hindi ka humabol sa mga batang lalaki, mayaman man o mahirap.

<sup>11</sup>Huwag kang matakot, anak ko; gagawin ko para sa iyo ang lahat ng hinihiling mo, dahil alam naman ng buong bayan na isa kang marangal na babae. <sup>12</sup>Totoo na ako'y malapit na kamag-anak, pero may mas malapit pa. <sup>13</sup>Dumito ka ngayong gabi. At sa umaga'y makikita natin kung gusto ka niyang tubusin o hindi. Kung hindi, isinusumpa ko sa iyo sa ngalan ni Yawe na ako ang gagawa nito. Samantala'y mahiga ka rito hanggang mag-umaga."

<sup>14</sup>Nahiga si Ruth sa paanan niya hanggang kinaumagahan at bumangon si Boaz bago pa magpangita ang isa't isa, sa-pagkat naisip niyang: "Walang dapat makaalam na may babaeng naparito sa giikan." <sup>15</sup>At pagbaling kay Ruth, sinabi ni Boaz: "Iladlad mo't hawakan ang iyong

balabal." Ginawa nga iyon ni Ruth at ibinuho ni Boaz sa balabal ang anim na takal na sebada, at ipinalas sa kanya. At umuwi siya sa bayan.

<sup>16</sup>Pagkauwi ni Ruth sa kanyang biyenan, tinanong siya ni Noemi: "O, ano ang nangyari, anak?" Ikinuwento ni Ruth ang lahat ng ginawa ng lalaki para sa kanya <sup>17</sup>at idinugtong: "Binigyan niya ako ng anim na takal ng sebada dahil ayaw niya akong umuwi sa aking biyenan nang walang dala."

<sup>18</sup>"Maghintay ka, anak, hanggang malaman mo ang mangyayari sapagkat hindi titigil si Boaz hangga't hindi ito nalulutas ngayon."

#### Ang batas ng Levirato

**4** <sup>1</sup>Nagpunta naman si Boaz sa pinuang-bayan at naupo roon habang hinihintay ang mas malapit na kamag-anak na sinabi niya kay Ruth. Nang makita niya iyong dumarating, sinabi niya: "Halika't maupo ka rito." Lumapit naman ito at naupo.

<sup>2</sup>Pumili si Boaz ng sampu sa mata-tanda ng bayan at inanyayahan ang mga iyon na maupong kasama nila. <sup>3</sup>Pagkatapos ay sinabi niya sa kamag-anak na may karapatang tumubos: "Ipinagbibili ni Noemi, na kararating buhat sa Moab, ang isang pirasong lupang pag-aari ni Elimelek na kapatid natin. <sup>4</sup>Naisip kong iharap sa iyo ang bagay na ito sa pagsaksi ng ating matatandang narito dahil bilang mas malapit na kamag-anak, mas may karapatan kang tubusin iyon. Pero kung ayaw mo, sabihin mo sa akin dahil ako ang kasunod mo." Sumagot ang lalaki: "Tutubusin ko ang lupa."

<sup>5</sup>Nagpatuloy si Boaz: "Sa oras na bilhin mo ang lupa kay Noemi, kukunin mo rin ang Moabitang si Ruth na biyuda ng yumaong tagapagmana at ang kanyang mga anak ang magmamana sa pangalan at lupa ng namatay." <sup>6</sup>Kayat sinabi ng lalaki: "Kung gayo'y hindi ko ito matu-

tubos pagkat baka naman mapasama ang aking mga tagapagmana. Ikaw na ang tumubos.”

<sup>7</sup>Kaugalian noon sa Israel para pagtibayin ang anumang kasunduan sa pagtubos o paglilipat, hinuhubad ng isa ang kanyang sandalyas at ibinibigay sa isa pa. Sa ganitong paraan nagiging legal ang transaksyon. <sup>8</sup>Kaya hinubad ng lalaki ang kanyang sandalyas at sinabi kay Boaz: “Ikaw na ang bumili.”

<sup>9</sup>Sinabi ni Boaz sa matatanda at sa lahat ng naroon: “Saksi kayo ngayon na binibili ko kay Noemi ang lahat ng pag-aari ni Elimelek at nina Kelyon at Mahalon. <sup>10</sup>Kinukuha ko rin ang biyuda ni Mahalon, ang Moabitang si Ruth, bilang asawa para panatilihin ang pangalan ng yumao sa kanyang ari-arian at di maglaho sa piling ng kanyang mga kapatid sa pagtitipon nila sa pintuang-bayan. Sinasaksihan ba ninyo ito ngayon?”

<sup>11</sup>Sumagot ang matatanda at lahat ng nasa pintuan: “Sinasaksihan namin. Gawin nawa ni Yawe ang babaeng uwi sa iyong tahanan na maging tulad nina Raquel at Lea, ang dalawang nagtatag sa sambayanan ng Israel. Maging makapangyarihan ka nawa sa Efrata at maging tanyag sa Betlehem. <sup>12</sup>At sa supling na ibibigay sa iyo ni Yawe sa pamamagitan ng babaeng ito, matulad nawa ang iyong angkan sa angkan ni Peres na isinilang ni Tamar kay Juda.

### **Si Obed ang ama ni Jese, na ama ni David**

<sup>13</sup>Kaya kinuha ni Boaz si Ruth at naging asawa niya. Pinapaglihi siya ni Yawe at at nagsilang ng isang lalaki. <sup>14</sup>Sinabi ng mga babae kay Noemi: “Purihin si Yawe na sa araw na ito ay di ka pinabayaang walang kamag-anak na tubos. Tumanyag nawa siya sa Israel! <sup>15</sup>Ang batang ito ang magiging kaaliwan mo at siyang aalay sa iyong katandaan, pagkat isinilang siya ng isang manugang na nagmamahal sa iyo at higit pa kaysa pitong anak na lalaki.”

<sup>16</sup>Kinuha ni Noemi ang sanggol, kinalong sa kanyang kandungan, at inalagaan. <sup>17</sup>Sinabi ng mga kapitbahay na babae: “Nagkaanak ng lalaki si Noemi.” At pinangalanan nilang Obed ang bata. Siya ang ama ni Jese na ama naman ni David.

<sup>18</sup>Ito ngayon ang lahi ni Peres: si Peres ang ama ni Hesron, <sup>19</sup>si Hesron ni Ram, si Ram ni Aminadab, <sup>20</sup>Si Aminadab ni Nahson, si Nahson ni Salmon. <sup>21</sup>si Salmon ang ama ni Boaz, si Boaz ni Obed, <sup>22</sup>si Obed ni Jese, at si Jese ang ama ni David.